

ILUSTRASYONG GLOSARYO NG MGA SALITANG NAKAPALOOB SA ILANG PILING PANITIKANG PANDAIGDIGAN BILANG KAGAMITANG PANTURO AT ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA

Happy P. Emralino¹

Dr. Imelda G. Carada²

16-fs-fil-072@lspu.edu.ph¹

imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0002-4092-9223¹

0003-0003-3843-2653²

Laguna State Polytechnic University, Brgy. Del Remedio, San Pablo City, Laguna, Philippines

ABSTRAK

Yaman ng isang bansa ang pagkakaroon ng kabataang may ganap na literasi sapagkat sila ang huhubog at mangunguna sa tunguhin ng bansa sa hinaharap. Ang kakayahang magbasa (at magsulat) ay nangangahulugan ng kakayahang makasabay sa kasalukuyang panahon, makapagsagawa ng epektibong komunikasyon at makaunawa ng mga isyung humuhubog sa ating daigdig. Sa maraming pagkakataon sinasabing napakahalaga ng pagbabasa sa buhay ng tao ngunit hindi ang pagbabasa kundi ang komprehensyon ang nagbibigay-katuturan sa pagbabasa. Sa ikasampung grado, pinaigting ang pag-aaral ng panitikan sapagkat nakatuon ang pag-aaral sa mga pandaigdigang panitikan ngunit naglalaman ang mga saling-akdang pandaigdig ng mga terminolohiya at salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral na nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa. Bilang pagtugon sa layuning maiangat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sumentro ang pananaliksik na ito sa paggamit ng Ilustrasyong Glosaryo ng mga Salitang Nakapaloob sa Ilang Piling Panitikang Pandaigdigang Bilang Kagamitang Panturo at inalam ang kaugnayan nito sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga mag-aaral. Nakatuon ang pananaliksik sa pagtukoy sa pananaw ng mga tagasagot sa paggamit ng ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo batay sa layunin, nilalaman, disenyo, tibay at kakayahang magamit; masukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mag-aaral ayon sa antas literal, inferensyal at kritikal; at mabatid kung may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo sa antas ng pag-unawa. Ginamit sa pananaliksik ang deskriptib na pamamaraan ng pag-aaral at ang mga sumusunod na istatistikal na paraan ng pag-analisa ng datos: mean, standard deviation, frequency, percent distributon at Pearson-r product moment correlation coefficient. Ang mga tagasagot na binubuo ng 100 mag-aaral mula sa Col. Lauro D. Dizon Memorial Integrated High School ay pinili gamit ang simple random sampling. Lumabas sa resulta na ang mga tagasagot ay lubos na sumasang-ayon sa ilustrasyong glosaryo bilang kagamitang panturo na nakatulong na maunawaan ang binabasa, sa disenyo nitong kaakit-akit na kinakitaan ng tibay at kakayahang magamit. Gayundin, malaking bahagdan ng mag-aaral ang nakakuha ng iskor na pinakamahasay sa 3 antas ng pag-unawa sa pagbasa. Samantala, lumabas na ang disenyo ng kagamitan ay may makabuluhang kaugnayan sa inferensyal at kritikal na antas sa pag-unawa sa pagbasa. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, lumalabas na bagaman walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo ng mga salitang nakapaloob sa ilang piling panitikang pandaigdigang sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa pag-unawang literal, inferensyal at kritikal, nanatiling nakatulong ang maayos at kaakit-akit na disenyo ng materyal sa pag-unawa sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral.



Mga Susing Salita: edukasyon, ilustrasyong glosaryo, antas ng pag-unawa, deskriptib, Philippines

